- tagapagbigay ng insyurans kung ang paggamot ay nabayaran na nang buo.
- Kumuha ng papel ng kopya ng Paunawa ng mga Kasanayan sa Pribisiya kapag hiniling.
- Siyasatin at kopyahin ang iyong rekord ng kalusugan sa pamamagitan ng pagsusumite ng iyong kahilingan sa Opisyal ng Pribisiya ng HIPAA. Maaaring singilin ang nominal na bayad para sa kahilingan. Makakatanggap ka ng tugon sa loob ng 10 hanggang 30 araw at aabisuhan ka namin nang nakasulat kung maantala ang tugon. Sa napakabihirang mga pagkakaton, maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan na suriin ang pagkuha ng kopya ng protektadong impormasyon sa kalusugan. Bibigyan ka ng nakasulat na paliwanang kung bakit, at impormasyon kung paano maghain ng reklamo sa Kalihim ng Kagawaran at Mga Serbisyong Pantao kung sa tinging mo ay kailangan mong gawin.
- Kumuha ng Pagbibigay-sulit ng Pagsisiwalat ng iyong impormasyong pangkalusugan na nagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa kung paano namin ibinabahagi ang iyong protektadong impormasyon sa kalusugan, at bakit sa nakaraang anim na taon bago ang petsa na hiniling mo ang mga naturang pagsisiwalat. Ang pagbibigay-sulit ng mga pagsisiwalat ay hindi magsasama ng impormasyon na may kaugnayan sa paggamot, pagbabayad, mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan at ilang iba pang pagsisiwalat . Magbibigay kami ng isang pagbibigay-sulit ng mga pagsisiwalat sa isang taon nang libre, ngunit sisingilin namin nang isang makatwirang bayad na nakabatay sa gastos kung hihingi ka ng isa pa sa loob ng 12 buwan.
- Piliin kung paano namin ipapadala ang iyong impormasyon.
- Bawiin ang iyong awtorisasyon na gamitin o ibunyag ang impormasyong pangkalusugan maliban kung ang aksyon ay nagawa na.
- Mabisuhan kaagad pagkatapos ng isang paglabag na maaaring makompromiso ang pribisiya o seguridad ng iyong protektadong impormasyon sa kalusugan.

Ang Aming Mga Responsibilidad:

Ang organisasyong ito ay kinakailangan na:

- Panatilihin ang pribisiya ng iyong impormasyon sa kalusugan,
- Kapag ang impormasyon ay ginamit/ibinunyag, limitahan ang impormasyon sa pinakamababang kinakailangan,
- Magbigay sa iyo ng abiso tungkol sa iyong mga legal na tungkulin at mga kasanayan sa pribisiya kaugnay ng impormasyong kinokolekta at pinapanatili namin tungkol sa iyo,
- Sundin ang mga alituntunin ng abisong ito,
- Ipaalam sa iyo kung hindi sumasang-ayon sa isang hiniling na paghihigpit,
- Pagbigyan ang makatwirang kahilingan na maaaring kailanganin mong ipaalam ang impormasyong pangkalusugan sa pamamagitan ng mga alternatibong paraan o sa mga alternatibong lokasyon,
- Ipaalam sa iyo kung sakaling ang iyong impormasyon sa kalusugan ay hindi sinasadyang naibunyag.

Ang organisasyong ito ay hindi pinapayagan na:

- Ibenta ang iyong impormasyon sa mga kumpanya sa marketing o sinumang iba pa.
- Talakayin ang anumang mga produkto o serbisyong nauugnay sa kalusugan sa iyo nang walang pahintulot mo kung makatanggap kami ng anumang uri ng direkta o hindi direktang pagbabayad para sa talakayang ito.
- Gamitin o ibunyag ang iyong impormasyong pangkalusugan nang wala ang iyong pahintulot, maliban sa inilalarawan sa abisong ito.

Inilalaan namin ang karapatang baguhin ang aming mga kasanayan at gawing epektibo ang mga bagong probisyon para sa lahat ng protektadong impormasyon sa kalusugan na aming pinananatili. Kung magbago ang aming mga kasanayan sa impormasyon, ang binagong Paunawa ng Kasanayan sa Pribisiya ay ipo-post sa aming website sa longbeach.gov/health.

Para sa Karagdagang Impormasyon, o Para Mag-ulat ng Problema:

Kung mayroon kang anumang mga tanong at gusto ng karagdagang impormasyon, o kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatan sa pribisiya at gusto mong magsampa ng reklamo, maaari kang makipag-ugnayan sa:

Opisyal ng Departamento ng Kalusugan Para sa Pribisiya ng HIPAA sa Long Beach

(562) 570-4330

OR

Oficina de Derechos Civiles de Estados Unidos

(800) 368-1019

Walang paghihiganti sa paghahain ng reklamo.

Ang impormasyong ito ay makukuha sa isang alternatibong pormat sa pamamagitan ng kahilingan sa Opisyal ng Pribisiya sa Departamento ng Kalusugan at Serbisyong Pangtao ng Long Beach:

Opisyal ng Pribisiya sa HIPAA
Lungsod ng Long Beach
Departamento ng Pangkalusugan at Serbisyong Pangtao
2525 Grand Avenue
Suite 280, Long Beach, CA 90815
(562) 570-4330

Petsa ng Bisa: 04/2009- Binago: 11/2015

Paunawa ng Mga Kasanayan sa Pagkapribado

Departamento ng Pangkalusugan at Serbisyong Pangtao sa Lungsod ng Long Beach

INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO MO MAAARING GAMITIN AT IBAHAGI, AT KUNG PAANO KA MAKAKAKUHA NG AKSES SA IMPORMASYONG ITO.

MANGYARING SURIIN ITO NANG MABUTI.

CITY OF LONG BEACH

Ang iyong medikal na impormasyon ay personal, at nangangailangan ng pribisiya at pagiging kumpidensyal. Ang Lungsod ng Long Beach ay nakatuon sa pagprotekta sa iyong medikal na impormasyon. Inaatasan kami ng batas ng Estado at Pederal na tiyakin na ang iyong medikal na impormasyon ay pinananatiling pribado, at/o inilabas lamang sa ilalaim ng mahigpit na mga alituntuning legal. Ang notipikasyon ng pribisiya na ito kung paano kami legal na kinakailangan na gamitin at ibahagi ang iyong medikal na impormasyon. Kinakailangan naming ibigay sa iyo ang pabatid na ito ng aming mga legal na tungkulin at pribisiya, at kinakailangan naming sundin ang lahat ng mga alituntuin ng abisong ito na kasalukuyang may bisa.

Maaaring gamitin o isiwalat ang iyong medikal na impormasyon nang hindi kinukuha ang iyong pahintulot para sa:

- **Paggamot:** Ang impormasyong nakuha ng mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan ng Lungsod ay itatala sa iyong medikal na rekord. Maaaring ibahagi ang impormasyong ito sa ibang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gumagamot sa iyo upang matiyak na natatanggap mo ang tamang paggamot at pagsusuri.
- **Pagbabayad:** Maaaring gamitin ng Lungsod ang iyong medikal na impormasyon o ibunyag ito sa pagpaplano para sa iyong kalusugan o probayder ng insyurans upang makakakuha ng bayad para sa mga serbisyong pangkalusugan na iyong natatanggap. Halimbawa, maaaaring kailanganin namin silang bigyan ng impormasyon tungkol sa isang klinikal na pagsusulit o pagbabakuna na natatanggap mo o ng iyong anak bago nila bayaran ang mga serbisyong iyon. Maaari rin naming sabihin sa kanila ang tungkol sa isang paggamot na matatanggap mo upang makakuha ng paunang pag-apruba para sa paggamot.
- **Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan:** Maaaring gamitin o isiwalat ng Lungsod ang iyong medikal na impormasyon para sa mga operasyon ng pangangalagang pangkalusugan upang matiyak na ang serbisyo at pangangalagang ibinibigay sa iyo ay angkop at may mataas na kalidad. Halimbawa, maaari naming suriin ang medikal na impormasyon tungkol sa maraming indibidwal upang mapabuti ang aming serbisyo. Maaari naming ibahagi ang iyong medikal na impormasyon sa ibang mga probayder na nagsasagawa ng pamamahala ng kaso, koordinasyon ng pangangalaga, o iba pang aktibidad sa pagtatasa.
- **Pampublikong Pangkalusugan:** Gaya ng iniatas ng batas, maaari naming ibunyag ang iyong impormasyon sa publiko o legal na mga awtoridad na namamahala sa pagpigil o pagkontrol sa sakit, pinsala o kapansanan.
- Mga Tala sa Saykoterapi: Para sa iyong mga entiti na nagbibigay ng mga serbisyo sa pag-uugali at nagpapanatili ng mga tala sa saykoterapi gaya ng tinukoy ng mga panuntunan sa pribisiya na kukunin namin ang iyong pahintulot para sa karamihan ng mga paggamit sa HIPPA para sa karamihan ng mga paggamit at pagsisiwalat ng mga tala ng saykoterapi na napaka-espesipikong mga uri ng mga tala na naitala ng isang propesyonal sa kalusugan ng isip na nagdodokumento o nagsusuri ng mga nilalaman ng pag-uusap sa panahon ng mga sesyon ng pagpapayo at pinanatiling hiwalay sa iba pang talaang medikal.
- **Pangangalakal:** Kukunin namin ang iyong pahintulot bago gamitin o isiwalat ang iyong impormasyong pangkalusugan para sa mga layunin ng marketing, maliban kung ang pakikipag-ugnayan ay ginawa nang harapan sa iyo o nagsasangkot ng pagbibigay sa iyo ng isang regalong pang-promosyon na may nominal na halaga, kung saan sumasang-ayon ka.
- **Pagbebenta ng Impormasyon:** Kukunin namin ang iyong pahintulot bago gumawa ng anumang pagsisiwalat na bumubuo ng pagbebenta ng impormasyong pangkalusugan.
- **Pangangalap ng Pondo:** Kami ay kukuha ng iyong pahintulot bago gamitin o ibunyag ang iyong impormasyon sa kalusugan para sa mga layunin ng pangangalap ng pondo. May karapatan kang umayaw sa alok, at may karapatan kang payuhan kaming huwag makipag-ugnayan muli sa iyo para sa mga aktibidad sa pangangalap ng pondo.

Ang iba pang paggamit at pagsisiwalat na hindi nangangailangan ng iyong mga pahintulot ay ang mga sumusunod:

- **Mga Kasama sa Negosyo:** Mayroong ilang mga serbisyong ibinibigay sa aming organisasyon sa pamamagitan ng mga kontrata sa mga kasosyo sa negosyo, tulad ng mga medikal na laboratoryo sa labas at mga serbisyo sa pagkopya. Ang iyong impormasyon sa mga kasamang ito upang maisagawa nila ang mga kinakailangang serbisyo sa ngalan namin. Para sa iyong proteksyon, mayroon kaming mga kasunduan sa kanila na nangangailangan sa kanila na pangangalagaan ang iyong impormasyong pangkalusugan ayon sa lahat ng mga batas at pamantayan ng kasanayan.
- **Abiso:** Maaari kaming gumamit o magbahagi ng impormasyon upang ipaalam o tumulong sa pag-abiso sa isang miyembro ng pamilya, personal na kinatawan, o ibang taong responsible para sa iyong pangangalaga, iyong lokasyon, pangkalahatang kondisyon o kamatayan.
- Pananaliksik: Maaari kaming magbahagi ng impormasyon sa mga mananaliksik kapag ang kanilang pananaliksik ay naaprubahan ng isang Institutional Review Board na nagsusuri ng mga naturang panukala at nagtatag ng mga protokol upang matiyak ang pribisiya ng iyong impormasyon sa kalusugan.
- Mga Direktor sa Punerarya: Maaari kaming magbahagi ng impormasyong pangkalusugan sa mga direktor ng punerarya na naaayon sa naaangkop na batas upang maisagawa nila ang kanilang mga tungkulin.
- Pananaliksik: Maaari kaming magbahagi ng impormasyon sa mga mananaliksik kapag ang kanilang pananaliksik ay naaprubahan ng isang Institutional Review Board na nagsusuri ng mga naturang panukala at nagtatag ng mga protokol upang matiyak ang pribisiya ng iyong impormasyon sa kalusugan.
- **Mga Direktor sa Punerarya:** Maaari kaming magbahagi ng impormasyong pangkalusugan sa mga direktor ng punerarya na naaayon sa naaangkop na batas upang maisagawa nila ang kanilang mga tungkulin.
- **Pangangasiwa ng Pagkain at Gamot (FDA):** Maaari naming ibunyag sa FDA ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa mga salungat na kaganapan sa pagkain, mga suplemento, mga produkto at mga depekto sa produkto o impormasyon sa pagsubaybay sa post marketing upang paganahin ang paglabas, pag-aayos o pagpapalit ng produkto.
- **Kabayaran ng Manggagawa:** Maaari kaming magbahagi ng impormasyong pangkalusugan sa lawak na pinahintulutan, at sa lawak na kinakailangan, upang sumunod sa mga batas na may kaugnayan sa kompensasyon ng mga manggagawa o iba pang katulad na mga programa na itinatag ng batas.
- **Mga Panganib sa Pampublikong Pangkalusugan:** Maaari kaming magbahagi ng impormasyong medikal tungkol sa iyo para sa mga aktibidad sa pampublikong pangkalusugan, tulad ng mga naglalayong pigilan o kontrolin ang sakit, maiwasan ang pinsala o kapansanan, at pag-uulat ng pang-aabuso o pagbabaya sa mga bata, matatanda, at umaasa ng tulong sa mga nasa hustong gulang.
- **Mga Institusyon ng Koreksyonal/Pagwawasto:** Kung ikaw ay isang bilanggo ng isang institusyon ng pagwawasto, maaari naming ibunyag sa institusyon o mga ahente nito ang impormasyong pangkalusugan na kinakailangan para sa iyong kalusugan at kaligtasan ng ibang mga indibidwal.
- **Nagpapatupad ng Batas:** Maaari naming ibunyag ang impormasyong pangkalusugan para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas gaya ng iniatas ng batas, o bilang tugon sa isang wastong subpoena.

Ang iyong Mga Karapatan sa Impormasyong Pangkalusugan

Bagama't ang iyong rekord ng kalusugan ay pisikal na pag-aari ng healthcare praktisyuner o pasilidad na nagtala ng mga ito, ang impormasyon ay pagmamay-ari mo. Sa pamamagitan ng pederal na batas mayroon kang karapatan na:

- Humiling ng paghihigpit sa ilang partikular na paggamit at pagsisiwalat ng iyong impormasyon.
- Hilingin na ang impormasyon ay hindi ibahagi sa iyong tagapagbigay ng insyurans kung ang paggamot ay nabayaran na nang buo.
- Kumuha ng papel ng kopya ng Paunawa ng mga Kasanayan sa Pribisiya kapag hiniling.
- Hilingin na ang impormasyon ay hindi ibahagi sa iyong